# Pagkakaroon ng Pag-asa sa Sariling Kakayahan o Self-Reliance sa Pamamaraan ng Panginoon

Pag-aralan ang mga talata sa banal na kasulatan at mga pahayag sa ibaba, at alamin ang mga sagot sa sumusunod na dalawang tanong:

1. Ano ang itinuro ng Panginoon sa mga banal na kasulatan at sa pamamagitan ng Kanyang mga propeta na makatutulong sa ating masanay na maging self-reliant?
2. Anong mga balakid ang maaaring kaharapin ng isang tao kung kaya't kakailanganin niya ang tulong ng Ama sa Langit upang madaig ang mga ito?

Doktrina at mga Tipan 9:7–8

Doktrina at mga Tipan 58:26–28

Doktrina at mga Tipan 88:124

Joseph Smith—Kasaysayan 1:55

Itinuro ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994):



Binabago ng Panginoon ang [kaibuturan ng] puso. Binabago ng mundo ang panlabas na anyo. Maiaalis ng daigdig ang mga tao sa magulo at maruming lugar. Inaalis ni Cristo ang di-magagandang ugali ng mga tao, at inaalis naman nila ang kanilang sarili sa magulo at maruming lugar. Hinuhubog ng daigdig ang mga tao sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang kapaligiran. Binabago ni Cristo ang mga tao, na siya namang nagbabago ng kanilang kapaligiran. Mahuhubog ng daigdig ang kilos ng mga tao, subalit mababago ni Cristo ang ugali ng mga tao. (Ezra Taft Benson, "Born of God," *Ensign*, Nob. 1985, 6)

Ipinaliwanag ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf, na noon ay kabilang sa Unang Panguluhan:



Ang paraan ng Panginoon ay hindi pag-upo sa tabing-ilog at paghihintay na mawala ang tubig bago tayo tumawid. Ito ay pagtutulungan, paghahanda, pagtatrabaho, at paggawa ng tulay o bangka para matawid ang ilog ng mga pagsubok. (Dieter F. Uchtdorf, "Pagtulong sa Paraan ng Panginoon," *Liahona*, Nob. 2011, 54)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2024 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_561-1